

Pagkilala sa mga Lokal na Panukat



Ang California School Dashboard (Dashboard) ay isang online tool na idinisenyo upang tulungan ang mga komunidad sa buong estado na ma-access ang mahalagang impormasyon tungkol sa mga paaralan at distrito mula transitional kindergarten hanggang grade twelve. Itinatampok sa Dashboard ang mga lokal na tagapagpahiwatig (tinatawag ding mga panukat), na ginagamit ng mga lokal na ahensyang pang-edukasyon (local educational agency, LEA), gaya ng mga distrito, tanggapan ng edukasyon ng county (county office of education, COE), at mga charter school, upang iulat ang pag-unlad batay sa lokal na data. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [web page ng Kagawaran ng Edukasyon ng California \(California Department of Education, CDE\) Dashboard at Sistema ng Suporta](#).

Mga Pangunahing Serbisyo at Kondisyon (Priyoridad 1)

Nag-uulat ang LEA ng impormasyong tungkol sa kung may access ang mga mag-aaral sa mga materyales sa pagtuturo na nakaayon sa kurikulum at sa ligtas, malinis, at maayos na mga pasilidad ng paaralan. Paunang ilalagay ng CDE sa Dashboard ang data ng LEA tungkol sa mga Resulta ng Pagsubaybay sa Itinalagang Pagtuturo.

Pagpapatupad ng mga Pamantayang Pang-akademiko ng Estado (Priyoridad 2)

Nag-uulat ang LEA ng impormasyon tungkol sa kung paano nito ipinapatupad ang mga pamantayan sa akademikong nilalaman at pagganap na pinagtibay ng estado para sa lahat ng mag-aaral at kung paano nakatutulong ang mga programa at serbisyong ibinibigay ng LEA sa mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles na mapahusay ang kanilang pag-unawa sa nilalaman ng mga asignaturang pang-akademiko at ang kanilang kasanayan sa paggamit ng wikang Ingles.

Pakikilahok ng mga Magulang at Pamilya (Priyoridad 3)

Nag-uulat ang LEA ng impormasyon tungkol sa kung paano nito itinataguyod ang pakikilahok ng mga magulang sa mga programa, kabilang ang kung paano ito bumubuo ng mga ugnayan sa pagitan ng mga kawani ng paaralan at mga pamilya, nagtatatag ng mga pakikipagtulungan upang mapabuti ang mga resulta ng mga mag-aaral, at humihingi ng opinyon ng mga magulang sa paggawa ng desisyon.

Survey sa Kalagayan ng Paaralan (Priyoridad 6)

Nag-uulat ang LEA ng impormasyon tungkol sa pananaw ng mga mag-aaral, magulang, at guro tungkol sa kaligtasan at pakiramdam ng pagiging kabilang sa paaralan.

Access sa Malawak na Hanay ng mga Kurso (Priyoridad 7)

Nag-uulat ang LEA kung hanggang saan may access ang lahat ng mag-aaral—at naka-enroll—sa malawak na saklaw ng mga kurso, kabilang ang Ingles, Matematika, Araling Panlipunan, Agham, Sining Biswal at Pagtatanghal, Kalusugan, at Edukasyong Pisikal.

Koordinasyon ng mga Serbisyo para sa mga Mag-aaral na Pinatalsik—Para Lamang sa COE (Priyoridad 9)

Nag-uulat ang COE ng impormasyon tungkol sa kung paano ito nakikipag-ugnayan sa mga distrito ng paaralan sa loob ng county upang matiyak na natatanggap ng mga mag-aaral na pinatalsik ang mga serbisyong pang-edukasyon na kailangan nila upang maipagpatuloy ang kanilang pag-aaral.

Koordinasyon ng mga Serbisyo para sa mga Kabataang Nasa Foster Care—Para Lamang sa COE (Priyoridad 10)

Nag-uulat ang COE ng impormasyon tungkol sa pakikipagtulungan nito sa Child Welfare upang mabawasan ang mga pagbabago sa paglalagyan sa paaralan at magbigay ng impormasyong pang-edukasyon na makatutulong sa paghahatid ng mga serbisyo para sa mga kabataang nasa foster care, at kung paano ito tumutugon sa mga kahilingan mula sa juvenile court at nakikipagtulungan dito upang matiyak ang paghahatid at koordinasyon ng mga kinakailangang serbisyong pang-edukasyon.

Bukod dito, nag-uulat ang COE kung paano ito nagtatatag ng mekanismo para sa mahusay at mabilis na paglilipat ng mga rekord at passport sa kalusugan at edukasyon.

Mga Pamantayan sa Pagganap para sa mga Lokal na Panukat

Nasa ibaba ang mga pamantayan sa pagganap para sa mga lokal na panukat na nakalista sa itaas. Upang matugunan ang mga pamantayan para sa mga kinakailangan sa mga lokal na panukat, ang mga LEA ay dapat na

- taunang sukatin ang kanilang pag-unlad sa pagtugon sa mga kinakailangan ng bawat priyoridad ng Pormula sa Lokal na Pagpopondo at Pagkontrol (Local Control Funding Formula, LCFF);
- iulat ang mga resulta bilang bahagi ng isang item na hindi nangangailangan ng pahintulot sa parehong pampublikong pagpupulong ng lokal na namamahaling lupon/katawan kung saan pinagtibay ang Lokal na Plano sa Pagkontrol at Pananagutan; at
- iulat sa publiko ang mga resulta sa pamamagitan ng Dashboard gamit ang mga tool para sa pansariling pagsusuri na pinagtibay ng Lupon ng Edukasyon ng Estado (State Board of Education, SBE) para sa bawat lokal na panukat. Ang mga tool ng SBE para sa pansariling pagsusuri ay available sa [web page ng mga Lokal na Tagapagpahiwatig ng CDE](#).

Kapag nakumpleto ng LEA ang mga kinakailangan sa itaas, iuulat sa Dashboard ang lokal na panukat bilang “Natugunan ang Pamantayan.” Kapag hindi natugunan ng LEA ang mga kinakailangan sa itaas, iuulat sa Dashboard ang lokal na panukat bilang “Hindi Natugunan.” Kung hindi natugunan ng LEA ang mga kinakailangan sa loob ng dalawa o higit pang taon, iuulat sa Dashboard ang lokal na panukat bilang “Hindi Natugunan sa Loob ng Dalawa o Higit Pang Taon.” Bukod dito, nag-uulat ang Dashboard ng komprehensibong hanay ng data na nauugnay sa pagganap ng LEA sa bawat lokal na panukat.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [web page ng CDE Dashboard ng Paaralan sa California at Sistema ng Suporta](#).

Mag-email sa Analysis, Measurement, and Accountability Reporting Division sa dashboard@cde.ca.gov.

